## *PANUKALA NI JOY B*

# Single-use plastics ban, uunti-untiin sa QC

Pinag-aaralan ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte ang unti-unting pagbabawal sa single-use plastics sa lungsod lalo't ang Pilipinas ay isa sa mga bansang may pinakamalaking ambag sa plastic wastes sa karagatan.

"I think we can push for the ban, pero we also need to have a grace period [for the use of plastic utensils], syempre industries will be affected. Habits of people will change. Some restaurants will have stock for years. So you can't just implement right away. You have to give a grace period din," pahayag ni Belmonte.

Sa ulat ng Ocean Conservancy and Mckinsey Center for Business and Environment noong 2015, ang Pilipinas ang ikatlo sa may pinakamalaking pinagmumulan ng plastic waste pollution sa mga karagatan sa buong mundo.

Si Senator Risa Hontiveros ay may panukalang batas na "Plastic Straw and Stirrer Ban of 2018" para ipagbawal ang paggamit ng plastic straws at stirrers sa mga kainan at iba pang establisimento at pinapapaskil sa mga restaurant ang impormasyon sa mamamayan tungkol sa "no plastic straw and stirrer" at ang lalabag dito ay magmumulta ng mula P50,000 hanggang P150,000 at suspension ng business permit sa isang taon.

Kaugnay nito, binigyang diin ni Belmonte na hindi dapat maging marahas ang pagsasagawa ng ganitong pagbabawal.

"So in Seattle, they gave a deadline like, after this period, dapat wala na. Para makapag-adjust din yung iba," paliwanag ni Belmonte.

"I think naman pagganon, nakapaghanda na sila, makakahanap na rin sila ng supplier for their paper straws and other alternatives to plastic utensils, and other types of plastics not just the straws, also utensils and plastic cover for take-away drinks. Makakahanap ka ng tamang suppliers, kaya you can prepare for it," ayon kay Belmonte. *(Angie dela Cruz)*